

# Dalawampung Pirasong Hopia

Kuwento ni: Camille Jewel L. Garcia

Guhit ni: Maria Pilar M. Irupang

**M1NS-IIh-32.4**
**Nakapaglalarawan, nakapagpapakita, at nakapagbabawas ng bilang na may 1-2 digit minuends hanggang 99 na may pagpapangkat.**


**M1NS-IIg-32.2**
**Nakapaglalarawan, nakapagpapakita, at nakapagbabawas ng bilang na may 1-2 digit minuends hanggang 99 na walang pagpapangkat.**

**AP1NAT-Ic-5**
**Natatalakay ang mga pansariling kagustuhan tulad ng: paboritong kapatid, pagkain, kulay, damit, laruan, at lugar sa Pilipinas na gustong makita sa malikhaing pamamaraan.**



# Dalawampung Pirasong Hopia

Ito ang batang si Popoy, anim na taong gulang. Siya ang nag-iisang anak ni Nanay Pina at Tatay Pilo. Nakatira ang masaya nilang pamilya sa Taguig.



Sikat ang Taguig, lalo na sa napakasarap nitong hopia. Ito ang paboritong pagkain ni Popoy, kaya kapag oras na ng meryenda ay lagi siyang nauuna.






May iba’t ibang hugis at klase ng hopia. May hopia na bilog at may hopia na biluhaba. May ube, monggo, pandan, hapon, at baboy. Araw-araw, iba-iba ang kinakain ni Popoy.

Isang araw, tinawag ni Nanay Pina si Popoy. “Anak, darating ang tiya mo galing sa probinsiya, bumili ka ng dalawampung pirasong hopia.” “Opo, nanay,” ang  sagot niya.



Pumunta sa tindahan si Popoy. "Magandang araw po, pabili po ng dalawampung pirasong hopia na monggo," sabi niya. "Heto na'ng paborito mo, Poy. Balik ka ulit ha," magiliw na tugon ng tindera.







Iniabot ni Popoy ang bayad at nagpasalamat kay Aling Perla na tatlumpung taon nang nagbebenta ng hopia. Aalis na sana si Popoy nang biglang . . .


“Bata, puwede ba akong makahingi ng hopia? Hindi pa kasi ako kumakain simula kahapon,” pagmamakaawa ng isang mamà.




Napaisip muna nang mabuti si Popoy. “Naku, ano kaya ang gagawin ko? Baka magalit si nanay, baka sabihin niyang nauna na naman akong kumain.”



Pero naalala niya ang sinabi ng kanilang guro kahapon: “Tandaan, ang batang mapagbigay ay batang mahusay.”



**Binuksan ni Popoy ang kahon ng dalawampung pirasong hopia, “Heto po, kumain po kayo nang mabuti.” Kumuha lamang ang mamà ng limang piraso.**



“Maraming salamat, bata. Pagpalain ka, napakabuti mo,” sambit ng mamà na abot-langit ang ngiti.



Pauwi na si Popoy nang nakasalubong niya ang asong kumakawag ang buntot na tila masayang-masaya na makita siya.






Naawa si Popoy nang makita niya ang katawan ng aso. Payat na payat ito kaya naman kumuha si Popoy ng limang piraso ng hopia at ibinigay dito. “Huwag kang magpapagutom,” sabi niya.

Sampung piraso na lamang ang natira sa dala niyang hopia. May pag-alala si Popoy sa sasabihin ng kaniyang ina . . .

Naglalakad na pauwi si Popoy nang bigla siyang salubungin ni Tiya Mina ng isang mahigpit na yakap.



“Tamang-tama ang dating mo, Popoy,” sabi ni Nanay Pina. “Halika na at magmeryenda na tayo!”





Binuksan nila ang kahon ng hopia: “Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu . . .

‘Poy nasaan ang iba? Kinain mo ba?” tanong ni Nanay Pina. Ikinuwento ni Popoy ang nangyari . . .

**“Tama ang ginawa mo, anak. Dapat tulungan ang nangangailangan. Halika na, kain na tayo.”**

**“Pina, Popoy, nandito na ako,” sambit ni Tatay Pilo na galing sa trabaho.**




“Poy, pasalubong mo. Isang kahon ng hopia na monggo.”

Napangiti si Popoy nang buksan niya ang kahon ng hopia.
Hindi lamang dalawampung piraso ng hopia ang pinagsaluhan nila.

Sobra-sobra pa!





**Wakas.**

# TUNGKOL SA MANUNULAT AT TAGAGUHIT



Si Bb. Camille Jewel L. Garcia ay lumaki sa Lungsod ng Taguig. Mahilig din siyang kumain ng hopia at ito ang kalimitang meryenda ng kanilang pamilya noong siya ay bata pa. Sa kasalukuyan, masaya siyang nagtuturo sa unang baitang sa EM's Signal Village Elementary School. Ang "Dalawampung Pirasong Hopia" ang unang aklat na pambata na kaniyang isinulat.



Si Gng. Maria Pilar M. Irupang ay mahilig kumain ng hopia dahil ito ay isa sa mga paboritong meryenda ng mga taga-Taguig. Wala mang pormal na pag-aaral sa pagguhit, ang pagmamahal at dedikasyon sa pagtuturo ang nagtulak upang iguhit ang makulay na kuwento ng "Dalawampung Pirasong Hopia".

Paborito ni Popoy ang hopia.

Madalas siyang mauna sa oras ng meryenda. Isang araw, nagpabili ng hopia ang kaniyang nanay at may humingi sa kaniya.

Bibigyan ba niya ang nanghihingi?

Maiuwi kaya ni Popoy nang kumpleto ang dalawampung pirasong hopia?

